# 多言語情報コーナー （令和５年　８月号）

## 1. Paghahanda at Paglikas Kung may Kalamidad.

Ang mga panganib ng sakuna dulot ng mga kalamidad tulad ng bagyo at malalakas na pag-ulan dahil sa "Rain Fronts" ay maaaring dumating anumang panahon kung pagbabatayan ang mga nagaganap nitong mga nakaraang taon. Ganundin ang mga malalakas na paglindol na pinangangambahan na mangyayari anumang oras sa hinaharap.
Kapag dumating ang sakuna ay dapat alam at handa tayo upang maibsan ang pinsalang maidulot sa atin. Kailangan malaman ang "self-helps" na aksyon.
Una, mahalagang malaman ang mga importanteng impormasyon para sa pagdesisyon at agarang pagkilos kapag may mga panganib na dala ng malalakas na pag-ulan at mga bagyo na dumarating.
Sa lungsod ng Tochigi ang mga impormasyon ay malalaman sa official Website ng Tochigi City, sa Cable TV ang "Kyu- Chan"Navi at mga makakalap na lokal na impormasyon. Ganundin sa Disaster Prevention App ng NHK News at ang KIkikuru App ng Japan Meteorological Agency. I download ang mga ito sa ating mga smart phones bago pa man may mga kalamidad na dumating.
Kung may malakas na pag-ulan, babala sa pagbaha at warnings sa pag-apaw ng mga ilog at nasa pangatlong alert level na ang inilabas ay dapat ng ilikas na ang mga matatanda mula sa panganib na lugar.
Kung umabot na sa pang-apat na alert level ay dapat ng magsilikas ang lahat ng tao mula sa mapanganib na lugar. Bagamat walang ibibigay na panukala sa paglikas sa una at pangalawang alerto, mahalaga rin na tiyakin kung kailan o kinakailangan ba ang aksyon na ito. Dapat rin na ihanda ang mga mahahalagang gamit sa paglikas.
Kung sakaling naglabas na ng pang-apat na alerto dahil sa sitwasyon, saan ka lilikas?
Ang Kyokuto Tochigi Kura no Machi Rakushukan kung saan matatagpuan ang tanggapan ng Tochigi International Center ay isa sa mga evacuation centers na

bubuksan ng lungsod na tatanggap ng mga lilikas. Ibabase ang ang pagtanggap sa mga mauunang darating. Ang iba pang mga evacuation centers ay bukas para sa sinuman. Mahalagang malaman ang mga lugar na ito lalo na ang mga malapit sa tinitirahan.

Kung inaakalang ligtas ang inyong lugar ay maaari pa rin na sabihin na evacuation ang sariling tahanan. Isang opsyon ang paglikas sa pangalawang palapag ng bahay kung mayroon nito (vertical evacuation).

Ang isa pa ring opsyon na maaring gawin ay ang paglikas sa bahay ng kamag-anak o kaibigan na nasa ligtas na lugar. Mayroon din tinatawag na pangmalawakang paglikas kung saan sa lalong madaling panahon ay lilikas sa lugar na ligtas at maliit lamang ang panganib na abutan ng sakuna.

Dapat malaman kung kailan, saan at paano lilikas upang hindi mataranta sa mga panahon ng emerhensya.

Dapat mapag-usapan sa inyong pamilya nang maaga ang paglikas lalo na at posibleng hindi magamit ang mga cellphones sa mga pagkakataon na ganito.

## 2. Preparasyon sa Sakuna--mga Dapat Ihandang Gamit/Bagay.

Sa evacuation centers at iba pang mga shelters ang mga supply ay maaaring limitado lamang kung kaya dapat maghanda ng emergency kits.

Ang mga bagay o gamit na dapat na ihanda upang dalhin sa evacuation sites ay ang mga sumusunod:

Radyo, baterya, mga pagkain na hindi iniluluto, inuming tubig, de latang pagkain, kendi o tsokolate, mga iiinum na gamot, face masks na proteksyon laban sa impeksyon, pang disinpekta, pangkuha ng lagnat, kaunting pera, health insurance card, pang palit na damit, wet tissues, sepilyo, charger ng cellphones, twalya at iba pa.

Bilang karagdagan sa plastic bags ay ang tissues, toilet papers, etc., depende sa sitwasyon ng mga kasama sa pamilya na lilikas gaya ng matatanda, kababaihan o sanggol. Ganundin sa mga alagang hayop o pets.

Kung sakaling nagkaroon ng malaking sakuna ay maaring maapektuhan ang logistic ng mga suplay sa pang-araw-araw na pamumuhay gaya ng pagkain at iba pa. Kahit ang lungsod ng Tochigi ay hindi direktang natamaan ay maaari pa ring maapektuhan.

Iminumungkahi ang ang pag-stock ng hindi bababa sa 3 araw na supply ng pagkain at iba pang gamit at mas mabuting maghanda ng pang-pitong araw na supply para rito bilang paghahanda sa pangmatagalang paglilikas.

Mahalaga ang 3 litro ng inuming tubig sa bawat tao kada araw. Ganundin ang pag-imbak ng tubig para sa pagpapaligo at iba pang gamit sa araw-araw. Sa katunayan, hindi lamang ang mga pagkain sa emergency na sitwasyon ang dapat iimbak ngunit maari rin ang mga karaniwang pagkain sa araw-araw. Rolling Stock ang tawag sa pagkain na gaya ng de lata, retort pouch foods, cup noodles at iba pang napreserbang pagkain na nabili ng sobra na maaaring ginagamit sa pang-araw araw at daragdagan lamang ang mga nabawas upang gawing reserba at maihanda sa emergency situations.

# 多言語情報コーナー　　（令和５年　８月号）

Hindi natin alam kung kailan darating ang sakuna.Ang pagiging handa rito ay makakapagbigay kahit paano ng katiwayasan ng pag-iisip.

Magsimula sa kung ano ang maaaring gawin na agarang pagkilos.

## 3. Panawagan sa mga Gustong Lumahok sa mga Pangunahing Tauhan ng Utamaro Dochu.

Sa ika-11 ng Nobyembre ngayong taon ay gaganapin ang Utamaro Dochu. Ito ay isang event kung saan ipinapalabas ang mga karakter na likha na Edo period Ukiyoe artist na si Utamaro Kitagawa.
Sa kaganapan na ito ay bibihisan ang mga gaganap na pangunahing karakter ng kimono at ipaparada sa palibot ng Kura no Machi downtown area. Hinihimok din ang mga dayuhang residente ng lungsod na makilahok sa event na ito.
Ang pangunahing tauhan ay si “Oiran”. Ang kasuutan nito ay tumitimbang ng 15-20 kilo kaya ang tauhan na gaganap dito ay dapat may malakas na pangangatawan at may mahaba at maitim na buhok dahil　itatali nya ito ng sarili sa pamamagitan ng japanese knot.
Ang mga iba pang mga tauhan ay sina Kamuro (batang karakter), Geisha, Shinzo, Okami, Kasa Mochi, Kanabou Mochi at iba pa. Ang bawat tauhan na gagampanan ay may kanya kanyang kondisyon sa edad at taas
Ang Utamaro Dochu ay dinadayo ng maraming tao upang panuorin ito. Dahil hindi karaniwan na inaalok ang pagbibigay ng papel sa mga nasabing tauhan, hinihiling ang pagkuha ng application form sa website ng Tochigi City upang makalahok dito. Punan ang mga mahahalagang impormasyon sa application form, iprint at ipadala sa koreo o personal na mag-apply sa counter ng Kura no Machi ng munisipiyo. Sa mga hindi alam ang pag-apply para dito ay manyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng Tochigi Intenational Center. Ang aplikasyon ay dapat matanggap ng hindi lalampas ng ika-31 ng Agosto.